



Mag-alok sa iyong mga kostumer ng higit pang pagtitipid sa mga elektronikong appliances at kagamitan!

Narito na ang mga rebate sa HEEHRA na makukuha sa pamamagitan ng TECH Clean California! Ang mga Californian na kwalipikado dahil sa kita ay mas makakatipid kapag lumipat sila sa heat pump na HVAC na sistema o iba pang karapat-dapat na appliance o kagamitan na matipid sa enerhiya. **Ang unang yugto ng mga rebate ng HEEHRA ay makukuha lamang sa pamamagitan ng mga kontratista na sertipikado ng TECH Clean California.**

Mag-sign up para sa pagsasanay upang makapag-alok ka ng mga rebate ng HEEHRA na makukuha sa pamamagitan ng TECH Clean California.

Pagkatapos magparehistro sa TECH Clean California at makumpleto ang online na pagsasanay sa mga rebate ng HEEHRA, makakatanggap ka ng "badge" ng HEEHRA at maililista bilang kontratista ng mga rebate ng HEEHRA/TECH Clean California sa Switch Is On's Contractor Finder.

Sa pamamagitan ng pagiging nasanay na kontratista ng HEEHRA, tutulungan mo ang mga kwalipikadong Californian na lumipat sa heat pump at iba pang produktong elektroniko na matipid sa enerhiya.

Ang mga residenteng kwalipikado dahil sa kita sa mga sambahayan ng solong pamilya sa California ay maaaring makatanggap ng rebate ng HEEHRA para sa heat pump HVAC na hanggang \$4,000 kung sila ay nasa pagitan ng 80% at 150% ng area median income (AMI); o hanggang \$8,000 para sa mga kostumer na may mas mababa sa 80% AMI. (Maaaring tingnan ng mga kostumer kung kwalipikado ang kanilang kita sa [heehra-incomeportal.com](https://www.heehra-incomeportal.com)).

- Ang mga kontratista ng TECH Clean California ay maaari ding makatanggap ng \$200 na bonus mula sa mga rebate ng HEEHRA para sa bawat heat pump na HVAC na nakalagay sa sambahayan ng solong pamilya na may AMI na mas mababa sa 80 porsyento.

Ang mga may-ari ng mga gusaling may maraming pamilya na kwalipikado dahil sa kita ay maaari ding makatipid ng nasa pagitan ng \$700-\$14,000 sa matipid na elektronikong heat pump at iba pang appliances at kagamitan na may mga rebate ng HEEHRA.



Magparehistro para sa pagsasanay sa HEEHRA

Tulungan ang mga kostumer na pagsamahin ang mga insentibo ng TECH Clean California, mga rebate ng HEEHRA, at iba pang yutilidad, lokal, estado, at iba pang insentibo sa pagpapalagay ng kuryente sa bahay – magparehistro para sa pagsasanay sa HEEHRA ngayon!



Ang mga rebate ng HEEHRA na makukuha sa pamamagitan ng TECH Clean California ay tutulong sa mga kontratista na magkaroon ng mas maraming negosyo, magbibigay-daan sa mga Californian na makatipid ng pera sa mga singil sa enerhiya, mapabuti ang katipiran sa enerhiya, mabawasan ang mga emisyon ng greenhouse gas, at mapabuti ang panloob at panlabas na kalidad ng hangin.

TECH.info@energy-solution.com

Ang mga rebate ng HEEHRA ay pinopondohan ng Inflation Reduction Act (IRA), pinangangasiwaan ng Departamento ng Enerhiya ng U.S. at pinamamahalaan ng California Energy Commission. Pinangangasiwaan ng TECH Clean California ang unang yugto ng Programang HEEHRA. Ang TECH Clean California ay pinopondohan ng mga nagbabayad ng rate at nagbabayad ng buwis sa California at pinangangasiwaan ng Southern California Edison Company sa ilalim ng tumatangkilik sa California Public Utilities Commission.

